FAMIS

Pangkalusugang Insurance ng Virginia para sa Mga Bata

Proteksiyon na Nararapat para sa Mga Anak Mo sa Presyong Abot-Kaya Mo!

Ano ang FAMIS at Medicaid Para Sa Mga Bata?

Ang **FAMIS** ay ang pangkalusugang insurance ng Virginia para sa mga bata. Nagbibigay ito ng access sa kalidad na mga pangkalusugang serbisyo para sa mga bata na walang pangkalusugang insurance. Nagbibigay ang **Medicaid Para Sa Mga Bata** ng magagandang benepisyo at nasasaklawan ang mga bata sa mga pamilya na may mababa o walang kita, kahit na kung ang mga bata ay nasasaklawan ng pangkalusugang insurance. Kapag nag-apply ka para sa coverage, isasaalang-alang lang ang mga anak mo para sa **FAMIS** at **Medicaid Para Sa Mga Bata**.

Ano ang Nasasaklawan?

- Ang mga pagbisita sa doktor
- Pag-aalaga sa ospital at pang-emerhensiya
- Mga checkup ng well-child at well-baby
- Mga iniksiyon
- Mga reseta
- Mga tests at mga x-ray
- Pag-aalaga at paningin at dental
- Pag-aalaga sa kalusugan ng pag-iisip
- At higit pa….

Wala pang buwanan o mga taunang gastos sa pamilya mo sa **FAMIS** o **Medicaid Para Sa Mga Bata**. Para sa mga batang naka-enroll sa **FAMIS** lang, may maliliit na mga co-payment ($2 o $5) para sa ilang medikal na pag-aalaga.

Sino ang Kuwalipikado?

Ang mga bata ay maaaring nararapat para sa **FAMIS** o **Medicaid Para Sa Mga Bata** kung sila ay:

- Nakatira sa Virginia *at* mas bata sa edad na 19
- Ay mga mamamayan ng U.S. (ang ilang mga hindi mamamayan ay kuwalipikado din) Ang pagkamamamayan ng magulang ay hindi isinasaalang-alang
- Nakatutugon sa ilang pamantayan ng kita (tingnan ang sususunod na chart)

Mga Limitasyon sa Kita ng FAMIS (Kabuuan*)

Laki ng Pamilya	Buwanan	Taunan
1	$2,491	$29,889
2	$3,369	$40,426
3	$4,247	$50,963
4	$5,125	$61,500
5	$6,004	$72,037

**May bisa ng Enero 20, 2023. Ang mga limitasyon sa kita ay taunang inaayos. Tumawag para sa mga karagdagang patnubay.*

Ang mga pamilyang migrante na may mga naka-enroll na anak ay hindi mamarkahan bilang alaga ng publiko. Ang pagtanggap ng **FAMIS** o **Medicaid Para Sa Mga Bata** ay hindi makakaapekto sa kakayahan ng mga pamikya na makakuha ng pagkamamamayan sa U.S..

Paano Ako Mag-a-apply?

Madaling mag-apply para sa **FAMIS** at **Medicaid Para Sa Mga Bata**.
Tumawag lang nang toll-free sa 833-5CALLVA. May mga tagapagsaling-wika. Ikokonekta ka ng mga kinatawan namin sa taong nagsasalita ng nais mong wika.

O mag-log in sa commonhelp.virginia.gov para mag-apply online.

Maaari ka ring mag-apply sa lokal mong Department of Social Services.

Para sa listahan ng mga dokumento na kakailanganin mo kapag nag-apply ka, pumunta sa www.coverva.org at mag-click sa pahina ng Apply. Pabibigyan ka ng katibayan ng katayuan ng imigrasyon ng mga bata kung hindi sila mga mamamayan ng U.S.. Kung ang anak mo ay mamamayan ng U.S., ipabibigay sa iyo ang Social Security number ng anak mo sa aplikasyon.

FAMIS
Covering Children With Affordable Health Insurance